# Pagsusuri ng Magasing Questions ng Pamantasang De La Salle Bilang Isang Paraan ng Komunikasyon ng Pananaliksik

AARichela L. dela Cruz
*De La Salle University*

Feorillo A. Demeterio III
*De La Salle University*

**Abstract:** This paper aims to understand how the stories or narratives on science were outlined in Questions magazine, an annual special publication of De La Salle University (DLSU) published by its Strategic Communications Office. It features research projects and creative endeavors of DLSU faculty researchers. Using framing theory, this paper analyzed the point of view, voice, and audience of the story as well as the visual elements, views of science and of society in selected articles published in the magazine.

The analysis showed that the narratives in the magazine highlight scientific research that addresses the problems we face as a society and that are needed for the development of a country like the Philippines. It also showed the importance of engagement with research being implemented not just as an academic work but a collaboration of various experts and sectors to provide the right solutions and for a deeper understanding of our way of life.

The study also showed that the articles in the magazine were produced to establish DLSU as a leading research institution in the Philippines while sharing the university's research projects to a wider audience and responding to the need for an easier approach in understanding various scientific research.

**Keywords:** Research communication; Framing analysis; Philippine higher education institutions

## Introduksyon

Layunin ng papel na ito na unawain kung paano binabalangkas ang mga kwento o naratibong agham sa magasing Questions. Ang Questions ay isang espesyal na publikasyon ng Pamantasang De La Salle (DLSU) na nilalathala ng Strategic Communications Office (STRATCOM) kada akademikong taon. Ito ay nagtatampok ng mga proyekto sa pananaliksik at mga malikhaing gawain ng mga guro ng nasabing pamantasan.

Ayon sa deskripsiyon ng magasin, itinatampok nito ang hangarin ng mga Lasalyano na paghahanap ng impormasyon, aksyon, at pagbabago kaugnay ng *vision-mission* ng pamantasan na isa sa mga nangungunang *researcher-centered* na pamantasan sa Pilipinas. Bilang isang publikasyon na nagtataguyod ng iba't ibang riserts at mga kaugnay na isyu nito ay nakapaloob din ito sa larangan ng komunikasyon ng pananaliksik o *research communication*.

Sa kabanata tungkol sa kalagayan ng *research communication* sa Pilipinas ay nabanggit sa aklat na *Communicating Science: A Global Perspective* na hindi sapat ang abot ng komunikasyong agham sa Pilipinas dulot ng mga hadlang sa pag-akses nito tulad ng kalagayang sosyoekonomiko, heograpiya at wika. Isang hamon din para sa mga mamamahayag ng agham sa bansa ang kawalan ng mga tagapag-ulat na nakatalaga sa usapin ng agham at eksperto rito pagdating sa larangan ng pagbabalita. Gayundin ang mababang

espasyo na naibibigay sa mga balitang pang-agham sa midya ng bansa. Dagdag pa ng artikulo na ang mga ito ang nagpapakita ng mga oportunidad para mas mapalawak pa ang *research communication* o komunikasyon ng pananaliksik sa Pilipinas (Montemayor, 2020).

Ang komunikasyon ng pananaliksik ay ang proseso ng pagbibigay-kahulugan o pagsasalin ng mga komplikadong natuklasan o resulta ng isang sa proyektong riserts sa isang paraan, wika at konteksto na mauunawaan ng mga hindi eksperto o pangkaraniwang mamamayan. Higit pa ito sa pagpapakalat lamang ng mga resulta ng pananaliksik.

Ayon sa artikulong *Research Communication: Insights from Practice*,

> "*Communicating research is unlike marketing and promoting a product or service; it is a process that transforms raw research outputs into something that addresses the expressed needs of beneficiaries. It can have a vital advocacy role: relevant and timely information can result in positive interventions by policy makers and governments.*" (Carter and Paulus, 2010, p.8)

Bahagi ng prosesong ito ang isang network ng mga kalahok at mga benepisyaryo o ang *audience* na kinakausap na maaaring mga mananaliksik rin, mga mamamahayag, mga editor at kanilang mga midya, at mga tagapamagitan na nagbibigay ng mga ugnayan sa pagitan ng mga iba't ibang kalahok. Ang mga donor, mambabatas, pamahalaan, at mga indibidwal na benepisyaryo ay pawang mga potensyal na gagamit din ng pananaliksik at kinakailangang matugunan sa iba't ibang konteksto ang mga pangangailangan nila sa impormasyon. Ang lahat ng ito ay bumubuo ng isang independiyenteng *network* na nag-uugnay sa kanilang iba't ibang mga tungkulin sa proseso ng komunikasyon.

Ang komunikasyon ng pananaliksik ay bahagi ng adhikain na paglalapit ng agham at ng mga kaalamang batay dito sa madla. Kasama rin dito ang adhikaing pagyamanin ang pang-agham na kamalayan o pag-iisip ng mga tao. Sakop ng usaping ito kung paano ba nauunawaan ng publiko ang agham at ang komunikasyon sa publiko ng mga pananaliksik.

Ayon naman sa *Communicating Science Effectively*, gumagamit ang mga *research communicators* ng *intentional framing* gaya ng *gain/loss framing*, *emphasis framing* o *thematic framing* (NASEM, 2017). Ito ay dahil kailangan ang lapit o pamamaraan ng komunikasyon na gagamitin ay dapat iangkop sa kung ano ang nanaig na kamalayan o kultura. Ayon pa sa artikulo, walang iisang madlang kinakausap para sa siyentipikong impormasyon at gayundin naman ang mga konteksto ng lipunan na nakapalibot sa iba't ibang isyung pang-agham ay may malaking pagkakaiba rin.

Marami ng mga pananaliksik ang nagawa tungkol sa papel ng *framing* sa komunikasyon. Isa na rito ang riserts nila Fong at Nyathi noong 2019 na "*Gender Representation and Framing of Malaysian Women: A Study of Feature Articles in Female Magazine*" ay gumamit ng framing bilang teoretikal na balangkas at sa pagsusuri ng nilalaman upang suriin ang representasyon ng mga kababaihang Malaysian pati na rin ang pagsasalarawan ng pagkalalaki at pagkababae sa magasing *Female*. Ayon sa kanilang pagsusuri ay hindi nagpakita ang magasin ng limitasyon sa tradisyunal o estereotipikong representasyon ng mga kababaihan sa kanilang bansa bagkus ay hinihimok nito ang mga kababaihan nilang mambabasa na magsumikap na matamo ang kanilang mga adhikain sa buhay kapares ng mga pambabae at panlalaking mga katangian na mahalaga para makamit ang tagumpay sa buhay. (Fong and Nyathi, 2019)

Sinuri naman sa artikulo nina Dashti at Tari noong 2020 na "*A Framing Analysis of News Coverage Regarding Iran's Nuclear Deal: The Case of CNN and Fox News on Iran post-JCPOA (2015 - 2018)*" kung paano binalangkas ng mga pangunahing ahensya ng midya ng Amerika ang plano ng Iran na *Joint Comprehensive Plan of*

*Action* o JCPOA. Gamit ang *framing* ay sinuri nila ang mga datos na nakolekta sa pag-analisa ng mga kaugnay na transkrip na nauukol sa paksa na pinalabas sa CNN at Fox News sa panahon ng itinuturing nilang apat na estratehikong kaganapan na may kaugnayan sa JCPOA. Lumabas sa kanilang pag-aaral na ang pangunahing *coding-news* ng dalawang nabanggit na midya ay *Iranophobia*, *Iran's containment*, *Advocates vs. Opponents*, Diskarte ng Amerika ukol sa JCPOA, Programang Nukleyar ng Iran, Kalagayang Pang-ekonomiya ng Iran, Papel ng Israel at Mga Tagumpay na Nakamit ng JCPOA. Pinagtibay ng papel na sa ilalim ng epekto ng mga namumulitikang *frame* ng mga midya sa Amerika ay nabaluktot ang representasyon ng programang nukleyar ng Iran sa mga manonood. (Dashti and Tari, 2020)


Binigyang tuon naman sa pag-aaral ni Brown noong 2017 na "*The Next Disaster… Will Be Televised: An Exploratory Qualitative Media Analysis of Hurricane Preparedness in Television Newscast*" ang mas masusing pagsusuri ng papel at epekto ng mga impormasyong biswal (*visual information*) na lumalabas sa midya. Gamit ang *qualitative media analysis* at ang mga datos mula sa tinagurian niyang *2005 Atlantic hurricane season* ay sinuri kung paano na-*frame* ang paghahanda sa malakas na bagyo sa mga balitang pantelebisyon na nagbalita tungkol sa *Hurricane Katrina* noong 2005. Lumabas sa pag-aaral na may limang karaniwang *frame* na ginagamit ang mga balitang pantelebisyon na kasama sa pag-aaral sa kanilang pagbabahagi ng impormasyon tungkol sa paparating na malakas na bagyo sa mga manonood . Ito ay ang *science information*, *human impact*, *authority*, *memory* at *economic impact*. (Brown, 2017)

Sa ganitong banda, nilalayon ng papel na ito na alamin kung paano binabalangkas ang mga kwento at naratibo lalo na sa pagtingin sa siyentipikong pananaliksik sa magasing Questions gamit ang teorya ng *framing*.

## Paglalahad ng Suliranin at Metodolohiya

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong sagutin ang mga sumusunod na suliranin:

1. Paano binabalangkas ang mga kuwento o naratibo ng agham sa mga magasing Questions sa usapin ng
   a. punto de bista ng kwento/naratibo
   b. boses ng kwento/naratibo
   c. kausap ng kwento/naratibo
   d. pagtingin sa agham
   e. pagtingin sa lipunan
   f. biswal na elemento




*Pig. 1*
*Balangkas ng Metodolohiya*

2. Anu-anong mga salik ang humuhulma sa pagbabalangkas ng mga kwento/naratibo na tampok sa mga magasing ito?

Gaya ng nabanggit layunin ng magasing Questions na ibahagi sa publiko ang mga proyektong malikhain at mga pananaliksik ng mga fakulti ng Pamantasang De La Salle (DLSU). Sa kabuuan ay meron ng siyam (9) na isyu na nailbas simula noong 2013 hanggang 2021. Sa bawat paglalathala ng magasin ay may sampung (10) artikulo ng mga piling prokeyto na batay sa rekomendasyon ng University Research Coordination Office ng nasabing pamantasan. Mula sa pagiging *print magazine* ay nagkaroon na rin ito ng *video version* na nilalabas sa *online platforms* ng DLSU. Ngunit ang mga nalathalang magasin lamang ang magiging bahagi ng pag-aaral na ito.

Gamit ang *random sampling* ay pipili ng dalawampu't tatlong (23) artikulo sa lahat ng isyu para suriin o 25% ng 90 na artikulong nailathala sa magasing Questions. Ang mga isyu ng Questions ay nakuha mula sa website ng Pamantasang De La Salle sa www.dlsu.edu.ph.

Gagamitin ang *inductive approach* kung saan ang *frame* ay manggagaling sa mismong tekstong sinusuri gamit ang *framing devices* o *reasoning devices* bilang gabay. Gaya ng nabanggit na ang susuriin ay ang punto de bista, boses ng kwento, kausap ng kwento, biswal na elemento, pagtingin sa agham at pagtingin sa lipunan sa mga artikulong nailathala sa Questions. Ang mga ito ay maaaring tahasan o di tahasang ginamit sa teksto.

## Batayang Teoretikal

Gagamitin sa pag-aaral na ito ang teorya ng *framing* na nagsasabing ang midya, lalo na ang midyang pangbalita, ay nagtatakda ng mga isyung panlipunang iniisip ng publiko o nangingibabaw sa kamalayan ng publiko bagama't hindi nito naitatakda kung ano ang kanilang dapat isipin o maramdaman sa mga isyung ito. Samakatuwid, ipinapahiwatig nito ang relasyon sa pagitan ng tuon na binibigay ng midyang pangmadla sa mga isyung panlipunan at ang kahalagahang ibinigay ng *audience* sa mga isyung ito.

Ang pinagtutuunan naman ng *framing* ay kung paano binubuo, ipanaliliwanag, at binibigyang hugis o anyo ang mga laman ng midya — kung ano ang mga isinasama at di isinasama sa isang kwento.

Malaki ang pagkakaiba ng *framing* sa iba pang *media effects model* gaya ng *agenda setting* at *priming* na nakabatay sa *accessibility*. Ang *framing* ay batay sa palagay na ang paraan ng pagsasalarawan sa isang isyu sa balita ay maaaring magkaroon ng impluwensya sa kung paano ito naiintindihan ng mga madla (Scheufele and Tewksbury, 2007).

Ang pag-*frame* ay hindi nakatuon sa kung aling mga paksa o isyu ang pipiliin para sa *coverage* ng midya ng balita, ngunit sa halip sa mga partikular na paraan kung paano ipinakita ang mga isyung iyon.

Ayon kila Scheufele and Tewksbury, ang mga sosyolohikal na pundasyon ng pag-frame ay inilatag ni Goffman na nagsabi na ang mga indibidwal ay hindi lubos na nauunawaan ang mundo at nahihirapan sa pagbibigay kahulugan sa kanilang mga karanasan sa buhay at sa mundong ginagalawan (Scheufele and Tewksbury, 2007). Ayon kay Goffman, ang mga indibidwal ay gumagamit ng mga *interpretive schemas* o 'pangunahing balangkas' (*primary frameworks*) upang ayusin ang impormasyong nakukuha at bigyan ito ng kahulugan (Goffman, 1974).

Sa artikulo naman ni Ardèvol-Abre ay ipinaliwanag ang *framing* ayon sa *political scientist* na si Robert Entman. Para kay Entman ito ay maaaring tukuyin bilang isang proseso kung saan ang ilang aspeto ng realidad ay pinipili at binibigyan ng higit na diin o kahalagahan upang matukoy ang problema. Gayundin para ang mga sanhi nito at ang mga moral na pagtatalaga ay masuri at magmungkahi ng naaangkop na mga solusyon at aksyon (Ardèvol-Abre, 2015). Samakatuwid ito ay nakatuon kung paano iniisip ng mambabasa o *audience* and isang nilalaman ng balita .

Dagdag pa ni Ardèvol-Abre na ang mga *frame* ay mas nagbibigay ng pansin sa ilang mga aspeto ng impormasyon sa teksto kumpara sa ibang impormasyon na kasama nito. Upang matukoy ang mga ito dapat nating isaalang-alang kung ano ang inilarawan at kung ano ang hindi binigyan-pansin at isinama sa balita (Ardèvol-Abre, 2015). Ang pag-frame ay nasa isip ng mamamahayag habang nagsusulat ng balita pati sa balitang kanyang binuo na siyang nakakarating sa mambabasa sa pamamagitan ng isang proseso ng pag-decode na kinakailangan upang maunawaan ang ulat ng balita at ang katotohanan na tinutukoy nito (Ardèvol-Abre, 2015).


Sa pagpapalagay ni Entman ay mayroong apat ng karaniwang uri ng *frame*: (1) tukuyin ang isang partikular na problema, (2) suriin ang sanhi ng problema, (3) gumawa ng moral na paghatol tungkol sa problema, at (4) magmungkahi ng mga remedyo sa problema (Ardèvol-Abre, 2015).

## Resulta at Diskusyon

Sa bahaging ito ng papel ay tatalakayin kung paano binabalangkas at anu-ano ang mga salik na humulma sa pagbabalangkas ng mga kuwento o naratibo ng agham sa mga magasing Questions gamit ang inilatag na metodolohiya.

### *Tema ng artikulo*

Karamihan sa mga artikulong kasama sa pagsusuri ay umiikot sa tema ng pangangalaga sa kalusugan (23.04%). May mga artikulong tungkol sa mga pagbuo ng mga aparatus o kagamitan sa pagsuri ng sakit, pag-aaral tungkol sa sistema na may kinalaman sa pangangalaga ng kalusugan o pananaliksik tungkol kalusugan ng isip.





*Pig. 2*
*Mga Tema ng Sinuring Artikulo*

Sinundan ito ng tema ng teknolohiya na bumubuo sa 12.77% ng mga artikulong sinuri. Ang halimbawa ng mga kwentong nailathala ay pagbuo ng mga software na makakatulong sa pagtugon sa kalamidad at mga pananaliksik tungkol sa pagpapalawak ng gamit ng mga umiiral na teknolohiya.

Sa mga sinuring artikulo ay mayroon ding tungkol sa *disaster risk management*, *engineering*, edukasyon, kultura at kasaysayan, isyung pangkasarian at *inclusivity*, alternatibong enerhiya, at negosyo.

## *Punto de bista ng kwento/naratibo*

Halos lahat ng sinuring artikulo ay sinulat sa punto de bista ng manunulat at mananaliksik o sa kabuuan na 73.91%. Ang nalalabing 26.09% ay sinulat mula sa punto de bista ng manunulat lamang.




*Pig. 3*
*Punto de bista ng mga Sinuring Artikulo*

## *Boses ng kwento/naratibo at Kausap ng kwento/naratibo*


Ang magasing Questions ay nilalathala gamit ang wikang Ingles at ang lahat ng artikulo nito ay nakasulat sa anyong popular. Makikita sa mga artikulo ang pagtatangka na ipaliwanag ang mga teknikal na bahagi ng pananaliksik na tinatalakay. Inilalahad din ng mga artikulo sa magasin ang mga kwento sa likod ng mga pananaliksik at kung ano ang kapakinabangan nito sa mga sabjek o benepisyaryo ng proyekto. Masasabi na ang mambabasa na kinakausap nito ay mga karaniwang mambabasa na may kakayahang umunawa ng wikang Ingles.

Nakasulat man sa anyong popular ang gamit na wika ng publikasyon ay maaaring magpalawak at limita sa kausap na *audience* nito. Magpalawak dahil nga nakasulat sa wikang Ingles maaaring mabasa ng taga-ibang bansa na sa kalagayan ng Pamantasang De La Salle bilang isang unibersidad ay maaaring potensyal na mag-aaral, institusyon o organisasyong maaaring maging kaugnayan at iba pang mga unibersidad na maaaring makatulong sa reputasyon ng pamantasan.

Ngunit dahil nakasulat sa wikang Ingles ay makikita na hindi ang karaniwang mambabasang Pilipino ang kausap ng magasin at hindi rin ang mga lokal na komunidad na bahagi ng ilang mga proyektong risert na nailathala sa magasin. Ang karaniwang mambabasa na kausap ng magasin ay iyong marunong bumasa at umunawa ng wikang Ingles.

## *Pagtingin sa agham*

May tatlong malinaw na pagtingin sa agham ang lumabas mula sa analisis ng mga piling artikulo mula sa magasing Questions. Una na rito ang kakayahan ng agham at pananaliksik na magbigay ng solusyon sa suliranin ng lipunan o sa komunidad na benepisyaryo ng pananaliksik. Ito ay maaaring mga direktang programa para sa benepisyaryo o sa pamamagitan ng mga batas o polisiya na makakatulong sa suliranin na nais tugunan o paghahanap ng solusyon sa banta ng sakuna o sa hindi pagkakapantay-pantay ng mga sektor ng lipunang Pilipino.




*Pig. 4*
*Pagtingin sa Agham ng mga Sinuring Artikulo*


Ang ikalawa ay ang agham at pananaliksik ay nagbibigay dagdag kaalaman at nagiging daan para mas maunawaan ang mga pagbabago sa lipunan. Nangingibabaw sa 17.24% ng mga artikulo sa magasin na ang malalim na pagsipat sa mga sistema, kultura at kasaysayan ng isang lipunan o sektor ay hahantong sa mas malalim na pag-unawa at pagbibigay ng solusyon na may lubos na kabatiran.

Panghuli, pinapakita ng 13.79% ng mga artikulo na nasuri na ang pananaliksik ay isang kolaboratibong gawain sa pagitan ng mga iba't ibang riserter o eksperto at sa pagitan ng riserter at komunidad o organisasyon na siyang nilalayong maging benepisyaryo ng mga pag-aaral.

## *Pagtingin sa lipunan*

Malaking bahagdan ng mga sinuring artikulo ay nagpapakita na ang isang lipunan ay may magkakaugnay na iba't ibang sistema. 53.57% ng mga artikulo ay tungkol sa mga pananaliksik kung paano magkakaugnay ang pamumuhay natin kaya't kailangan din na ang lapit sa pananaliksik ay sama-samang pagsisikap ng iba't ibang eksperto.

Nakita rin sa pagsusuri na 17.86% ng mga artikulo ay nagpapakita ng pangangailangan ng pagbabago gaya ng bagong polisiya o batas para sa kaayusan ng sistema at pamumuhay gaya ng mga pananaliksik tungkol sa representasyon ng iba't ibang kasarian.




*Pig. 5*
*Pagtingin sa Lipunan ng mga Sinuring Artikulo*

Pantay naman ang bahagdan ng ikatlo at ikaapat na kategorya. Tig-10.71% ang pagtingin sa lipunan na nagbabago't maaaring mapabuti ng pananaliksik at may banta sa pamumuhay sa lipunan gaya ng sakuna, krisis o pandemya. Pinapakita sa mga artikulo na ang mga suliranin o hindi kapaki-pakinabang na dala ng pagbabago ay maaaring baguhin ng may gabay ng pananaliksik at siyensya.

Panghuli naman ang pagtingin sa lipunan na bukas sa pagbabago ng teknolohiya at may kamalayan sa mga mabuti at hindi mabuting naidudulot nito.

## *Biswal na elemento*

Ang mga biswal na elemento na nakita sa pagsusuri ay binubuo ng mga ilustrasyon ng paksang tinatalakay, mga retratong nagpapakita ng mga mananaliksik o grupo ng mananaliksik, retrato ng komunidad na bahagi ng pag-aaral at mga retrato ng mga makina na nabuo o mga kasangkapan na bahagi ng riserts.

Sa mga retrato ng mga riserter ay makikita na isinusulong ng magasing Questions hindi lamang ang kapakinabangan ng mga pananaliksik ng Pamantasang De La Salle ngunit gayundin ang kadalubhasaan at pakikipag-ugnayan ng kanilang mga fakulti pagdating sa larangan ng pananaliksik.

Ang mga pangkatang retrato ng mga riserter at ng komunidad naman ay nagpapakita na ang pananaliksik at ang agham ay isang kolaboratibong gawain. Ang dokumentasyon at pagbuo ng bagong kaalaman ay hindi pang-indibidwal o pang-isang riserter lamang kundi kailangan ng pakikipagtulungan at pakikisalamuha

sa mga benepisyaryo ng ginagawang proyektong pananaliksik.

## *Ang frame sa Magasing Questions*

Sa kabuuan ay ipinakita ng mga artikulong sinuri mula sa magasing Questions na kailangan ang siyentipikong pananaliksik para sa ikabubuti ng lipunan gaya ng Pilipinas. Ang pag-frame sa mga kwento ay nagpapakita na ito ang susi at tutugon sa mga suliraning nararanasan at kinakaharap natin.

Ipinapakita rin ng magasin na mahalaga ang pakikipag-ugnayan at pagtutulungan dahil ang pananaliksik ay hindi lamang gawaing pang-akademya kundi isang gawain na para sa kapakinabangan ng lipunan. Ang kolaborasyon ng iba't ibang mananaliksik at eksperto sa loob at labas ng isang pamantasan — sa iba pang pamantasan o organisasyon dito man o sa ibang bansa — ang magbibigay ng mas malalim na pag-unawa sa ating pamumuhay at ng mga solusyon na may lubos na kabatiran.

Ang ganitong kaisipan ang siyang gumagabay at makikita sa mga pananaliksik na ginagawa ng mga fakulti ng DLSU — kolaboratibo at direktang tumutugon sa mga suliranin ng iba't ibang komunidad. Lutang sa mga artikulo na ang mga mananaliksik at pananaliksik sa DLSU ay tumutugon sa pangangailangan ng ating bansa. Gayundin ipinapakita ng iba't ibang proyektong pananaliksik ng DLSU na kaya ng lipunang Pilipino na makipagsabayan sa ibang bansa sa larangan ng siyentipikong pananaliksik sa pangunguna ng mga miyembro ng kanilang pamantasan.

## *Mga Salik na Humuhulma sa Pagbabalangkas ng mga Kwento*

Para matugunan ang ikalawang tanong ng pag-aaral na ito na kung anu-anong mga salik ang humuhulma sa pagbabalangkas ng mga kwento o naratibo na tampok sa mga magasing Questions, ay marapat na balikan at silipin ang mga karagdagang impormasyon tungkol sa Pamantasang De La Salle at sa mismong magasin.

Ang DLSU ay isa sa mga nangungunang pamantasan sa Pilipinas at noong 2011 ay idineklara nito ang sarili bilang isang *research university*. Ayon sa website ng DLSU, ang publikasyon ng mga pananaliksik sa DLSU ay bumubuo ng tinatayang 15% ng pambansang awtput ng pananaliksik ng Pilipinas. Ang mga guro nito ay kinikilala rin bilang nangungunang mga mananaliksik sa Pilipinas.

Sa kabilang banda, ang magasing Questions ay unang lumabas noong 2013, ilang taon matapos ideklara ng DLSU ang sarili na isang *research university* bilang isang opisyal na publikasyon ng DLSU na nilalahathala ng kanilang Strategic Communications Office (STRATCOM). Ayon sa website ng DLSU, ang STRATCOM ang opisinang nakatalaga sa pamamahala sa

> "… *formulate, execute, and supervise the overall marketing and imaging efforts of the institution. Through the use of available marketing public relation tools, the STRATCOM will assist the University in improving the public's perception of the institution, positioning the University as a world-class teaching and research institution...*"

Batay naman sa pagsusuri ay ipinakita ng mga artikulo sa magasin ang kakayahan ng DLSU pagdating sa pananaliksik at kung paano tumutugon ang kanilang mga siyentipikong pag-aaral sa pangangailangan ng iba't ibang sektor at komunidad sa Pilipinas. Makikita ito sa punto de bista at mga biswal na elemento kung saan binibigyang importansya ang mga mananaliksik o fakulti ng DLSU na gumagawa ng pag-aaral.

Ang isa pang salik na humuhulma sa pagbabalangkas ng mga kwento sa magasin ay ang pagsasaalang-alang na maipakita ang kakayahan ng mga siyentipikong Pilipino at Lasalyano. Ito ay makikita sa pag-frame ng mga kwento na kaya makipagsabayan ng lipunang Pilipino sa ibang bansa sa larangan ng siyentipikong pananaliksik.

Sa pamamagitan din ng Questions ay tumutugon din ang DLSU sa pangangailangan para sa mas malawak at mas madaling lapit na pag-unawa sa iba't ibang siyentipikong pananaliksik. Ito ay makikita sa paraan ng pagsulat ng mga artikulo sa anyong popular at hindi teknikal na nilalayon para sa karaniwang mambabasa.

Makikita na ang mga artikulo sa magasin ay binuo upang ibahagi ang siyentipikong pananaliksik ng unibersidad sa mas malawak na madla habang itinataguyod ang sarili nito bilang

isang nangungunang institusyon ng pananaliksik sa Pilipinas.

## Konklusyon at Rekomendasyon

Isinulong ang pag-aaral na ito upang unawain kung paano binabalangkas at anu-anong mga salik ang humulma sa pagbabalangkas ng mga kwento o naratibong agham sa magasing Questions.

Batay sa analisis ay ipinakita ng mga artikulong sinuri mula sa magasin na binabalangkas ang mga naratibo rito upang ipakita na kailangan ang siyentipikong pananaliksik para sa ikabubuti ng lipunan gaya ng Pilipinas at para tugunan ang mga suliraning nararanasan at kinakaharap natin. Gayundin ang kahalagahan ng pakikipag-ugnayan at pagtutulungan dahil ang pananaliksik ay hindi lamang gawaing pang-akademya bagkus ay kolaborasyon ng iba't ibang eksperto at sektor para sa mas malalim na pag-unawa sa ating pamumuhay at makapagbigay ng mga solusyon na may lubos na kabatiran.

Nakita rin na ang mga artikulo sa magasin ay nabuo bunsod ng mga kadahilanang nais ng Pamantasang De La Salle na tumugon sa pangangailangan para sa mas malawak at mas madaling lapit na pag-unawa sa iba't ibang siyentipikong pananaliksik at ibahagi ang proyektong pananaliksik ng unibersidad sa mas malawak na madla habang itinataguyod ang sarili nito bilang isang nangungunang institusyon ng pananaliksik sa Pilipinas.

Sa pangkalahatan ay epektibong ipinakita ng magasin ang kalidad ng pananaliksik sa DLSU at kung paano tayo bilang isang lipunan ay makakahanap ng mga solusyon sa mga isyu at problema ng ating bansa gamit ang siyentipikong pananaliksik ng mga eksperto at kolaborasyon ng iba't ibang sektor.

Kung nais naman ng magasin na palawakin pa ang *audience* o mambabasa nito at mag-ambag sa komunikasyon ng pananaliksik sa Pilipinas, ang mga artikulo sa magasin ay maaaring isulat sa Filipino o sa isang wika at tono na mauunawaan ng mga benepisyaryo ng mga proyekto.

## Mga Sanggunian

Ardèvol-Abre, A. (2015). Framing theory in communication research. Origins, development and current situation in Spain. Revisita Latina de Comunicacion Social, (70, pp. 423-450). http://www.revistalatinacs.org/070/paper/1053/23en.html

Brown, T. (2017). The Next Disaster… Will Be Televised: An Exploratory Qualitative Media Analysis of Hurricane Preparedness in Television Newscasts. Doctoral dissertation. Nova Southeastern University. Retrieved from NSUWorks, College of Arts, Humanities and Social Sciences – Department of Conflict Resolution Studies. (58) https://nsuworks.nova.edu/shss_dcar_etd/58

De La Salle University.(2017) *De La Salle University*. www.dlsu.edu.ph

Carter, I. and Paulos, K. (2010). Research communication: Insights from practice. A working paper of the Research Communication Strategy Group. https://assets.publishing.service.gov.uk/media/57a08afc40f0b649740008bc/2010-11_Insights-into-RC-final-formatted.pdf

Dashti, H. and Tari, Z. (2020). A Framing Analysis of News Coverage Regarding Iran's Nuclear Deal: The Case of CNN and Fox News on Iran post-JCPOA (2015 -2018). Journal of World Sociopolitical Studies. (Vol. 4 No.2, Spring 2020). https://wsps.ut.ac.ir/article_80004_b0ad31ab40633d8ad5396e48bf92a7e2.pdf

Fong, Y.L. and Nyathi, S. (2019). Gender Representation and Framing of Malaysian Women: A Study of Feature Articles in Female Magazine. Journal of Content, Community & Communication, Amity School of Communication, (Vol. 10 Year 5, December-2019). https://www.amity.edu/gwalior/jccc/pdf/jccc-12-19-04.pdf

Goffman, E. (1974). Frame Analysis: An Essay on the Organization of Experience (Reprinted 1986). Northeastern University Press.

Montemayor, G., et. al. (2020) Philippines: from science then communication, to science communication. In Gascoigne, T., et.al., *Communicating Science: A Global Perspective*

(1st ed., pp. 665-704). ANU Press. http://doi.org/10.22459/CS.2020

National Academies of Sciences, Engineering, and Medicine. (2017). *Communicating Science Effectively: A Research Agenda*. Washington, DC: The National Academies Press. https://doi.org/10.17226/23674

Scheufele, D. and Tewksbury, D. (2007). Framing, Agenda Setting, and Priming: The Evolution of the Three Effects Models. Journal of Communication, International Communication Association (Vol. 57, 2007), pp. 9-20. https://doi.org/10.1111/j.0021-9916.2007.00326.x

Questions Magazine. Manila, Philippines: De La Salle University. Issue Number 1-9. Online. https://www.dlsu.edu.ph/research/publications